Mga Simoy ng Pagpapatibay

ARALIN 1

Kilalanin Natin si Musonda

Sundan ang kwento habang binabasa ito ng inyong tutor.
Salungguhitan ang mga salita na sa inyo ay bago o mahirap.

Si Musonda kamakailan lang ay naging labing-tatlong taong gulang. Ang kanyang puso ay puno ng ligaya. Si Musonda ay may dalawang mga kapatid na lalaki at dalawang mas batang mga kapatid na babae. Gustong-gusto niya ang mag-alaga sa kanyang mga kapatid na babae, maglaro kasama sila at patawanin sila. Siya ay nakatira kasama ang kanyang pamilya sa isang maliit na nayon na tinatawag na Buumi. Ang kanyang mga magulang ay sina G. at Gng. Mulenga.

Sa araw na ito si Musonda ay sabik dahil sa ang kanyang pinsan na si Rose ay darating at manatili sa mga Mulenga nang ilang mga linggo. Si Musonda at si Rose ay mabuting magkaibigan. Hilig nilang magsasabi sa isa't-isa ng kanilang mga iniisip.

Gawain 1

Hatiin ng tutor ang inyong klase sa ilang grupo na tagdadalawa. Magpalitan kayong magkaibigan sa pagbabasa ng kuwento sa isa't isa.

Gawain 2

Itanong ng tutor sa klase ang sumusunod na mga tanong. Pag-uusapan ang mga ito at isulat sa ibaba ang mga sagot.

1. Ilang taon na ba si Musonda? _____

2. Sinu-sino ang gusto niyang alagaan? _____

_____

3. Anu-ano ang gusto niyang gawin sa kanyang maliliit na mga kapatid na babae?
_____

_____

4. Saan ba siya nakatira? _____

5. Sinu-sino ba si G. at Gng. Mulenga? _____

_____

6. Bakit masaya si Musonda sa araw na ito? _____

_____

7. Gaano ba ka tagal si Rose sa kanila Mulenga? _____

_____

8. Ano ba ang gustong gawin nina Musonda at Rose? _____

_____

Gawain 3

Hihilingan kayo ng inyong tutor na gumawa ng mga pangungusap gamit ang bawat isa sa mga salita sa ibaba:

pamilya **nayon** tumatawa **ligaya** pinsan
naglalaro maliit **puso** iniisip **sabik**

Gawain 4

Buuin ang bawat sumusunod na pangungusap gamit ang isa sa mga salita sa itaas:

1. Natututo ang mga bata habang sila'y _____.

2. Kung _____ ang aking ina, alam ko na siya ay masaya.

3. Kami nang aking ina, ama, mga kapatid ay isang _____.

4. Si Musonda ay hindi nakatira sa lungsod. Siya ay nakatira sa isang maliit na _____.

5. May isang kapatid na babae ang aking ina. Ang kanyang mga anak ay aking mga _____.

6. Ang daga ay isang _____ na hayop.

7. Ang aking _____ ay puno ng ligaya tuwing kasama ko ang aking mga kaibigan.

8. Laging nakangiti si Rose. Lipos siya ng _____.

9. _____ ang mga bata makinig sa kinikuwento ng kanilang ama.

10. Kung may mabubuti tayong mga _____, makakagawa tayo ng mabubuting mga bagay.

Gawain 5

Sumulat ng isa o dalawang mga pangungusap hinggil kay Musonda.

_____

_____

_____

_____

_____

ARALIN 2

Pagsalubong kay Rose sa Bus

Sundan ang kwento habang binabasa ito ng inyong tutor.
Salungguhitan ang mga salita na sa inyo ay bago o mahirap.

Si Rose ay labing-limang taong gulang. Siya ay lumalakbay sa pamamagitan ng bus papunta sa Buumi.

Hinihintay na ni Musonda ang pagdating ni Rose. Siya ay may maraming itatanong kay Rose. Matagal na siyang nag-iisip tungkol sa ano ang dapat niyang gawin sa buhay niya.

Si Musonda at ang kanyang ama ay lumakad noong hapon patungo sa tinitigilan ng bus. Noong nakita ni Musonda si Rose na lumalabas sa bus, lumaki ang kanyang mga mata. “Rose!” ang sigaw niya. Si Rose naman ay lumingon at nakita niya si Musonda. Tumakbo sila tungo sa isa’t-isa at nagyakapan nang matagal. Pagkatapos binati ni Rose si G. Mulenga. Kinuha ni G. Mulenga ang maleta ni Rose, at tuloy nang lumakad pauwi silang tatlo.

Noong sila’y dumating sa bahay si Gng. Mulenga ay nagluluto sa apoy ng hapunan. Ang mga maliliit na mga kapatid na babae ni Musonda at mas batang kapatid na lalake niya ay tumakbo palabas ng bahay upang batiin si Rose. May kasiyahan at tawanan. “Sana ikaw ay gutom na,” sabi ni Gng. Mulenga. “May niluto akong espesyal.”

“Ay, opo!” sagot ni Rose. “Naaamoy ko nga ang nilulutong manok. Hindi po ako kumain sa bus. May nakatabi akong isang maliit na batang lalaki na kasama ang kanyang ina. Pagkatapos ng ilang sandali, ang bata ay nagsimulang humihingi ng makakain sa kanyang ina. May kaunting tinapay naman ako, at ito ay ibinigay ko sa kanyang ina noong aking nakita na wala siyang maibibigay sa bata.”

Gawain 1

Hatiin ng tutor ang inyong klase sa ilang grupo na tagdadalawa. Magpalitan kayong magkaibigan sa pagbabasa ng kuwento sa isa't isa.

Gawain 2

Itanong ng tutor sa klase ang sumusunod na mga tanong. Pag-uusapan ang mga ito at isulat sa ibaba ang mga sagot.

1. Ilang taon na ba si Rose? _____

2. Ano ang hinihintay ni Musonda? _____

_____

3. Ano ba ang matagal nang iniisip ni Musonda? _____

_____

4. Papaano pupunta si Rose sa Buumi? _____

_____

5. Saan sinalubong ni Musonda at ama niya si Rose? _____

_____

6. Ano ba ang ginawa ni Musonda noong kanyang nakita si Rose na

bumaba sa bus? _____

_____

7. Ano ba ang ginawa ni Rose at Musonda noong sila'y nagkita? _____

_____

8. Sino ba ang nagdala sa maleta ni Rose? _____

9. Ano ba ang ginagawa ni Gng. Mulenga pagdating na sila sa bahay?

_____

_____

10. Sinu-sino ang lumabas upang batiin si Rose? _____

_____

11. Bakit umasa si Gng. Mulenga na si Rose ay gutom na? _____

_____

12. Bakit gutom si Rose? _____

_____

Gawain 3

Babasahin ngayon ng inyong tutor ang mga pagsasanay sa ibaba at hihilingan kayo na bilugan ang mga kasagutan.

1. "Hinihintay" ni Musonda na makita si Rose. Ang ibig sabihin nito ay

a) Dumudungaw si Musonda sa bintana upang hanapin si Rose.
b) Hindi maalala ni Musonda ang itsura ni Rose.
c) Gustong-gusto na makita ni Musonda si Rose.

2. Pinag-isipan ni Musonda ang tungkol sa ano ang kanyang "gawin sa buhay niya". Ang ibig sabihin nito ay pinag-iisipan niya kung

a) anu-ano ang uring mga pagkain ang kakainin niya upang siya'y laging malusog.
b) maging ano siya sa kanyang paglaki.
c) ano ang kanyang gagawin sa sunod na araw.

Gawain 4

Hihilingan kayo ng inyong tutor na gumawa ng mga pangungusap gamit ang bawat isa sa mga salita sa ibaba:

tanong **isipin** naglalakbay **yinakap** buhay
dumating nagutom **bubukas** binabati **espesyal**

Gawain 5

Buuin ang bawat sumusunod na pangungusap gamit ang isa sa mga salita sa Gawain 4:

1. _____ ang mga tao sa pamamagitan ng lakad o bus.

2. Kinarga ng ina ang kanyang maliit na anak at ito ay kanyang _____.

3. Gustong matuto ang mag-aaral at kaya marami ang kanyang mga _____.

4. _____ ang niluto ng aking ina para sa pamilya.

5. Ang ama ko ay _____ pagkatapos ng buong araw na pagtratrabaho.

6. _____ ang tindahan sa Lunes.

7. _____ niya lahat na pumapasok sa kanyang tindahan.

8. Gusto kong _____ tungkol sa ano ang aking gagawin sa kinabukasan.

9. Siya ang unang _____ sa pagsasanggunian.

10. Ang _____ ni Musonda ay lipos ng tuwa at tawanan.

Gawain 6

Sumulat ng dalawa o tatlo na mga pangungusap tungkol sa nabasa mo sa araling ito.

_____

_____

_____

_____

_____

Gawain 7

Pag-usapan kasama ang inyong mga kaibigan ang mga tanong sa ibaba hinggil sa sipi. Pagkatapos sauluhin ang sipi.

"…hayaan ang iyong puso ay magliyab ng mapagmahal na kabaitan para sa lahat na matatagpuan mo sa iyong landas."

1. Ano ang hayaang liliyab ng mapagmahal na kabaitan?

2. Ano ba dapat ang gawin ng puso mo?

3. Kanino ba tayo magpakita ng mapagmahal na kabaitan?

4. Kailangan ba nating magpakita ng mapagmahal na kabaitan sa mga tao na hindi natin kilala?